

Toolkit ng Negosyo

Social Media

Ang mga sumusunod ay pwedeng gawin at gamitin sa mga personal na social media page o sa pamamagitan ng mga organisasyon para tulungang ikalat ang kamalayan tungkol sa mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California. Ang mga Hashtags (#) ay tumutulong sa iba na naghahanap ng impormasyon upang tingnan ang mga post na nagte-trending, habang ginagamit ang simbolo na tag na @ ang ibang mga organisasyon ay (gumamit ng @Cal_OES para sa Twitter at @CaliforniaOES para sa Facebook).

- **(NAME OF BUSINESS)** ay tumutulong sa aming mga empleyado na maghanda para sa susunod na #earthquake sa pamamagitan ng mga tool na @cal_oes #EarthquakeWarningCA. Alamin ang higit pa sa earthquake.ca.gov.
- #DYK bilang karagdagan sa **(NAME OF BUSINESS)** paghahanda para sa susunod na lindol, hinihikayat din namin ang aming mga vendor sa estado na magkaroon ng isang plano sa sakuna.. Huwag mabigla -- ang mga babala ng #earthquake ay available para sa lahat ng taga California sa earthquake.ca.gov.
- Ang paghahanda sa mga empleyado na gumawa ng hakbang sa panahon at pagkatapos ng #earthquake ay isang mahalagang bahagi ng pagiging #prepared. Mag-sign up para sa #EarthquakeWarningCA at matuto ng higit sa earthquake.ca.gov.
- **(NAME OF BUSINESS)** hinihimok ang aming mga customer sa California na matuto tungkol sa mga kagamitan sa babala ng lindol mula sa #EarthquakeWarning CA. I-download ang #MyShake App o i-enable ang #AndroidEarthquakeAlerts at #WEAs. Alamin ang higit pa sa earthquake.ca.gov.

Wika sa Newsletter

Gamitin ang wika sa ibaba para kopyahin/i-paste at ibahagi sa ibang mahahalagang tagapanood sa pamamagitan ng mga email blast, newsletter o iba pang mga channel. Mangyaring maging libre na aayusin o gawing pang-personal kung kinakailangan.

Ang mga natural na sakuna, tulad ng mga lindol, ay hindi inaasahang mangyayari, at makakalikha ng malaking pagkagambala na tumatagal pagkatabos ng pangyayari. Maaaring mapilitan ang mga empleyado at customer na mabilis na humanap ng masisilungan o lumikas sa gusali sa sitwasyon ng emerhensya. Sa pagiging handa at pagpapalano sa hinaharap, madali tayong makakagawa ng mga pagkilos para mapanatiling ligtas ang bawat isa sa lindol. Mahalaga ito para sa lahat ng aming empleyado na maging pamilyar sa **(NAME OF BUSINESS)'s** sakuna/planong

emerhensya at matukoy ang mga ligtas na lugar para pagtaguan kapag lumindol habang nasa trabaho o sa bahay habang nagtatrabaho.

Upang masigurong nakahanda sa lindol ang lahat ng empleyado, bumuo ang California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) ng [Earthquake Warning California](#), na kauna-unahang sistema ng babala sa lindol sa buong estado ng bansa na nagbibigay ng ilang segundo ng babala sa mga gumagamit ng mga mobile device sa lugar bago lumitaw ang pagyanig. Nag-aalok ang Earthquake Warning California ng walang gastos na mapagkukunan ng babala sa lindol, gaya ng:

- **[MyShake App](#)**. Isang mobile app na pwedeng i-download para sa mga mobile device ng walang bayad sa Google Play at Apple App Store. Dapat naka-set sa "always on" ang mga serbisyong lokasyon sa App para maalertuhan ng sensor ng lupa ang mga nasa malapit sa lugar kapag na-detect ang pagyanig.
- **[Mga Android Earthquake Alert](#)**. Available ang system ng babala ng lindol sa alinmang bago o na-update na mga Android device na gumagamit ng katulad na teknolohiya tulad ng MyShake App.
- **[Mga Wireless Emergency Alert \(WEAs\)](#)**. Ang mga text-like na mga mensahe mula sa pamahalaan sa panahon ng sitwasyong emerhensya. Ito ay kabilang ang: Presidential, Napipintong Pagbabanta (sunog, lindol, mga pagbaha, atbp.), at mga alertong AMBER.

Hinihikayat namin ang mga empleyado na gamitin sa trabaho at sa tahanan ang mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California. Inaabisusan ng Earthquake Warning California ang mga user na gumawa ng mabilis na pagkilos para sa proteksyon gaya ng pagdapa, pagtago, at pag-antabay. Tutulong ang kagamitan sa babala ng lindol na protektahan ang mga buhay at maiwasan ang pagkasira ng mga ari-arian sa mga lugar na lubhang tinamaan ng lindol. Sa panahon ng sitwasyon ng malalang pagyanig, maaaring matumba ang mga indibidwal, kaya ang pagtatago bago ang pagyanig ang matalinong gawin.

Para malaman ang higit pa tungkol sa Earthquake Warning California, ang walang gastos na kagamitan sa alertong babala, at karagdagang mapagkukunan na available sa publiko, bisitahin ang earthquake.ca.gov.

Ang mga organisasyon na sama-samang naghahanda ay nakakabawas ng epekto ng sakuna ng isang malakas ng lindol. Mag-subscribe sa newsletter ng Earthquake Warning California para makatanggap ng mga toolkit ng kampanya, grapiko at ang mga pinakabagong balita at update.